



PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO (PSSP)

4A Annex, Alcal Building, 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telepono: (02) 434-6406 at (02) 929-5572

SALIGANG BATAS NG PSSP

PREAMBULO

Tayo, mga indibidwal at grupong naghahangad palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang makakapwa at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan para maitaguyod ang karangalan, katarungan, at kalayaan ng sambayanang Pilipino, ay nagpapahayag at nagpapatibay ng Saligang Batas na ito.

ARTIKULO I

Kalikasan at Sagisag

- Seksyon 1. Ang panlipunan at propesyonal na samahang ito ay tatawagin sa pangalang *Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino* o PSSP.
- Seksyon 2. Ang PSSP ay magkakaroon ng isang sagisag na kakatawan sa kalikasan, kakanyahan, at katangian nito.

ARTIKULO II

Deklarasyon ng mga Pagpapahalaga at Paninindigan

Ang PSSP ay bahagi ng higit na malawak na sambayanang Pilipino. Sa paghahangad na mapaglingkuran ito, idinedeklara ng PSSP ang mga sumusunod na pagpapahalaga at paninindigan:

- Seksyon 1. Naniniwala ang PSSP sa pagsusulong ng makakapwa at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan sa pag-aaral ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 2. Naniniwala ang PSSP sa pagsusulong ng inter-disiplinaryo at sistematikong pag-aaral ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 3. Naniniwala ang PSSP sa pagtataguyod ng sariling wika sa pag-aaral ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 4. Naniniwala ang PSSP sa pagtataguyod ng makabuluhang pakikilahok ng iba't ibang sektor ng lipunan sa pag-aaral ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 5. Naniniwala ang PSSP sa pagtataguyod ng makabuluhang pakikiisa sa mga isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihang sektor ng lipunan tungo sa pagkamit ng karangalan, katarungan, at kalayaan ng sambayanang Pilipino.

ARTIKULO III

Paglalahad ng Layunin

Sa pagtataguyod ng mga naturang pagpapahalaga at paninindigan, isusulong ng PSSP ang mga sumusunod na layunin:

- Seksyon 1. Bumuo ng kritikal na bilang ng mga indibidwal at grupong magsusulong sa Sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 2. Mahikayat ang iba't ibang sektor sa lipunan na maitaguyod ang Sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 3. Makalikom ng mga materyal ukol sa kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 4. Malinang ang paggamit ng mga pananaw at pamamaraan na batay sa yaman ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 5. Mapahusay ang kakayahan ng samahan sa pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino.

ARTIKULO IV

Kasapian

- Seksyon 1. Sinumang naniniwala sa mga pagpapahalaga, paninindigan, at layunin ng panlipunan at propesyonal na samahang PSSP. Bukas ang PSSP sa mga indibidwal o grupong nasa larangan ng Sikolohiya at iba't iba pang larangan ng pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 2. Ang mga kasapi ay magtatamasa ng mga sumusunod na karapatan at pribilehiyo na titiyakin sa hiwalay na pagtitibaying Pangkalahatang Alituntuning Pangkasapian:
- Mabigyan ng mga kabatiran at kasulatan kaugnay ng mga pagkilos ng samahan;
 - Dumalo sa mga espesyal at regular na pulong na itinalaga ng samahan;
 - Magharap ng mga konstruktibong mungkahi, opinyon, at puna sa sinumang kasapi at pinuno ng samahan;
 - Humiling ng *pagtugon sa mga hinaing at karampatang pagdinig*;

- e. Bumoto sa anumang pagpapasya ng Pangkalahatang Kapulungan;
 - f. Maghalal at/o mahalal sa Lupon ng mga Kadiwa;
 - g. Maging bahagi ng anumang pagkilos ng samahan.
- Seksyon 3. Ang mga kasapi ay tutupad sa mga sumusunod na tungkulin at responsibilidad:
- a. Isulong at itaguyod ang mga pagpapahalaga, paninindigan, at layunin ng samahan;
 - b. Tumupad sa kapasyahan at patakaran ng samahan;
 - c. Gampanan ang lahat ng gawaing itinatakda ng samahan.
- Seksyon 4. Ang mga kasapi ay uuriin ayon sa mga sumusunod na klasipikasyon:
- a. *Kasaping Mag-aaral*: mga mag-aaral ng hayskul at kolehiyo (di-gradwado);
 - b. *Kasaping Propesyonal*: mga gradwadong mag-aaral, guro, mananaliksik, at propesyonal mula sa iba't ibang larangan;
 - c. *Kasaping Pangkabanwahan*: mga mag-aaral at propesyonal na nakabase sa ibayong-dagat;
 - d. *Kasaping Organisasyon*: mga organisasyong kabataan at mag-aaral;
 - e. *Kasaping Institusyon*: mga panlipunan at propesyonal na organisasyon;
 - f. *Kasaping Panghabambuhay*: mga kasaping kinilala ng Lupon ng mga Kadiwa na nag-ambag ng malaki sa pagtataguyod ng samahan;
 - g. *Kasaping Pandangal*: mga nabubuhay na kasaping pinarangalan ng *Gawad Sikolohiyang Pilipino*.
- Seksyon 5. Mapapawalang-bisa ang pagiging kasapi sa pagbibitiw o pagtitiwalag. Maaaring isuspindi o itiwalag ang sinumang kasapi sa mga sumusunod na dahilan:
- a. Paglabag sa Saligang Batas at sa pagpapahalaga, paninindigan, at layunin ng samahan;
 - b. Palagian at/o sadyang di-pagtupad sa mga tungkulin at responsibilidad;
 - c. Mga gawain na makasisira sa kaisahan, karangalan, at simulain ng samahan.
- Walang sinumang kasapi na isususpindi o ititiwalag ng walang *karampatang pandinig*. Ang pagsususpindi o pagtitiwalag ay maaari lamang pagpasyahan ng Pangkalahatang Kapulungan. Kailangan ang tatlong-kapat (3/4 o 75%) na *botong apirmatibo* para ipagpatibay ang kapasyahan.

ARTIKULO V

Pangkalahatang Kapulungan

- Seksyon 1. Ang Pangkalahatang Kapulungan na binubuo ng buong kasapian o korum nito na kalahati at isa (50% + 1) ng mga kasaping nasa mabuting kalagayan at nasa Pangkalahatang Pagpupulong, ang pinakamataas na nakapangyayari sa samahan.
- Seksyon 2. Ito ang nagpapasya, sa pamamagitan ng buong kasapian o korum nito sa mga hihirangin na pamunuan na magpapatupad ng mga patakaran, programa, at proyekto ng pagkilos ng samahan.
- Seksyon 3. Ito ay nagpapasya sa pamamagitan ng isang Pangkalahatang Pagpupulong at/o Referendum isang beses isang taon o kung kailan kinakailangan.

ARTIKULO VI

Pamunuan: Lupon ng mga Kadiwa,

Lupong Tagapangasiwa, at mga Komiteng Pang-organisasyon

- Seksyon 1. Ang Lupon ng mga Kadiwa ay bubuuin ng sampung kasapi ng samahan na ihahalal ng buong kasapian o korum nito sa Pangkalahatang Pagpupulong at tigisang kinatawan ng bawat Kasaping Institusyon na hihirangin ng kani-kanilang institusyon. Maglilingkod ang mga inihalal na kasapi ng Lupon ng mga Kadiwa sa loob ng dalawang taon. Mula sa mga bumubuo ng Lupon ng mga Kadiwa, maghahalal ng *Pangulo, Pangalawang Pangulo, at Kalihim*. Ang Lupon ng mga Kadiwa ang:
- a. Magbabalangkas at magpapatibay ng mga alituntunin, patakaran, programa, proyekto, at tunguhin ng pagkilos na hindi lalabag sa Saligang Batas ng samahan;
 - b. Magsasagawa ng mga pangkalahatang pagkilos para sa promosyon ng samahan;
 - c. Masasagawa ng mga pangkalahatang pagkilos sa pangangalap ng pondo para sa samahan;
 - d. Magsisilbing tagagabay at tagapayo ng Lupong Tagapangasiwa;
 - e. Magpupulong isang beses kada apat na buwan o kung kailan kinakailangan.
- Seksyon 2. Ang Lupong Tagapangasiwa ay bubuuin ng mga kasapi ng samahan na hihirangin ng Lupon ng mga Kadiwa at tigisang kinatawan ng bawat Kasaping Organisasyon na hihirangin ng kani-kanilang organisasyon. Maglilingkod ang mga hinirang na kasapi ng Lupong Tagapangasiwa sa loob ng dalawang taon. Bubuuin ang Lupong Tagapangasiwa ng *Tagapangasiwang Direktor, mga Direktor ng mga Komiteng Pang-organisasyon*, at mga *Kinatawan ng mga Kasaping Organisasyon*. Ang Tagapangasiwang Direktor ay hihirangin ng Lupon ng mga Kadiwa ayon sa rekomendasyon ng Pangulo. Samantala ang mga Direktor ng mga Komiteng Pang-organisasyon ay hihirangin ng Lupon

ng mga Kadiwa batay sa rekomendasyon ng Tagapangasiwang Direktor. Ang Lupong Tagapangasiwa ang:

- a. Mamahala ng pang-araw-araw na gawain, sekretariat, at tanggapan ng samahan;
- b. Mangangasiwa sa mga komiteng pang-organisasyon ng samahan;
- c. Magpapasya sa mga usaping hindi lalabag sa alituntunin, patakaran, programa, proyekto, at tunguhin ng pagkilos ng samahan;
- d. Magpapatupad ng mga pinagpasyahan ng Lupon ng mga Kadiwa;
- e. Magpupulong isang beses isang buwan o kung kailan kinakailangan.

Seksyon 3. Ang mga Komiteng Pang-organisasyon ay bubuuin ng mga kasapi ng samahan na hihirangin ng Lupong Tagapangasiwa. Ang mga Komiteng Pang-organisasyon ay kabibilangan ng Kasapian at Ugnayan; Lohistika at Pananalapi; Panlipunang Pagtataguyod; Pagsasanay at Patuloy na Edukasyon; Pananaliksik at Publikasyon; Pambansang Kumperensya; at iba pang inaakalang kinakailangan. Ang mga komiteng ito ang pangunahing tagapagpatupad ng mga pagkilos ng samahan. Ang mga Komiteng Pang-organisasyon ang:

- a. Magpapatupad ng mga pagkilos ng bawat komiteng pang-organisasyon;
- b. Magpapatupad ng mga pinagpasyahan ng Lupong Tagapangasiwa;
- c. Magpupulong isang beses isang buwan o kung kailan kinakailangan.

ARTIKULO VII Panunungkulan

Seksyon 1. Ang mga kasapi ng PSSP ay hihirangin matapos pumasa sa proseso ng pagsapi sa samahan. Ang mga kasapi ay manunungkulan sa loob ng dalawang taon. Sa mga susunod pang taon, maaaring magpatala na lamang para sa muling paghirang o reapiirmasyon.

Seksyon 2. Ang mga kasapi ng Lupon ng mga Kadiwa ng PSSP ay pipiliin sa pamamagitan ng *demokratikong eleksyon* na gumagalang sa *simpleng mayorya*. Ang *Pangkalahatang Halalan* ay isasagawa kada dalawang taon sa isang Pangkalahatang Pagpupulong na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa. Kung kinakailangan, magkakaroon ng *pangkagipitang halalan* sa mga posisyong nabakante bunga ng mga hindi maiwasang kadahilanan. Ang mga kasapi ng Lupon ng mga Kadiwa ng PSSP ay manunungkulan sa loob ng dalawang taon lamang ngunit walang restriksyon para muling mahalal at manungkulan sa bagong termino.

Seksyon 3. Ang Pangkalahatang Kapulungan lamang ang siyang *tanging may kapangyarihan* na magpatupad o magpahinto ng panunungkulan.

ARTIKULO VIII Mga Susog

Seksyon 1. Maaaring magharap ng anumang susog ang sinumang kasapi ng PSSP.

Seksyon 2. Ang Lupon ng mga Kadiwa lamang ang maaaring tumawag ng isang *Kumbensyong Pangkonstitusyon* upang pag-usapan ang mga panukalang susog. Papamahalaan ng Lupong Tagapangasiwa ang Kumbensyong Pangkonstitusyon.

Seksyon 3. Ang anumang susog ay mapapagtibay sa pamamagitan ng tatlong-kapat (3/4 o 75%) na *botong apirmatibo* ng Pangkalahatang Kapulungan. Agad na magkakabisa ang anumang susog matapos itong mapagtibay.